



Inuutusan ng Lungsod ang mga landlord ng Brampton na gawing available ang init simula Setyembre 22

BRAMPTON, ON (Setyembrer 8, 2021) – Simula Setyembre 22, 2021, ang mga landlord ay inuutusan ang gawing available ang init sa mga nangungupahan sa loob ng Lungsod ng Brampton. Karaniwan, ang [Vital Services By-Law](#) ay nag-uutos na ang angkop na init ay ibibigay ng landlord sa isang paupahang mga unit ng titirhan simula sa Setyembre 15. Gayunpaman, dahil sa pagtataya ng lagay ng panahon na 20 plus Celsius sa karamihan sa Setyembre, in-update ng Lungsod ang petsa ng pagsisimula mula Setyembre 15 papunta sa Setyembre 22.

Ito ay kaugnay ng Seksyon 15 ng [Vital Services By-Law](#), kung saan ang Direktor ng Pagpapatupad at ang By-Law Services ay may itinalagang awtoridad ng Konseho na paikliin o pahabain ang mga petsa ng pagsisimula at pagwawakas sa pagbibigay ng landlord ng init, kung kinakailangan at batay sa mga lagay ng panahon.

Para sa karagdagang impormasyon sa Vital Services By-law ng Lungsod, i-click [dito](#).

-30-

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca